

Hawakan ang King County sa Mas Mataas na Pamantayan: 2021-2022 Mga Priyoridad na Patakaran laban sa Rasismo

Sinasabi ng iba na ang COVID-19 ay ang “Mahusay na Tagapagbunyag” o ang “Mahusay na Tagapagbalanse.” Subalit, ang pandemyang COVID-19 ay hindi nagdulot ng balanseng pagtrato para sa mga dapat na makakuha ng patas na mga mapagkukunan. Ito ay higit na nagpakita kung gaanong kalaki ang agwat sa pagitan ng mga taong mga nakagagamit at hindi nakagagamit ng mga kailangang mapagkukunan. Ito rin ay walang naipakitang pagbabago sa datos, agham, mga tagasuporta, mga ltim at mga Katutubong Tao na hindi naipakita sa mga henerasyon. Ang mga datos, mga kasaysayan, at mga naisapamuhay na karanasan ay nangagailangan ng tunay na pagbabago.

Sa kanyang talumpati sa State of the County, noong Hulyo 24, 2020, tinalakay ni King County Executive, Dow Constantine, ang “mabagsik na realidad ng rasismo at ang (diskriminasyon) sa ating lipunan.”

Ang kamatayan, ang kawalan ng hustisya, at ang kaguluhan na ating nakikita sa lokal at sa buong bansa sa taong 2020 ay tuwirang resulta sa hindi pagtanggap na wakasan ang dating sistema, pagsasapamuhay, at mga patakaran na itinaguyod at pinapanatili ng mga puting katass-taasang kapangyarihan (White supremacy). Hindi na tayo dapat manatili doon.

Ang ating sama-samang tagumpay sa buong bansa ay nakasalalay sa ating pananagutan sa mga paraan kung paanong tugunan ang naapektuhang mga ltim at mga Katutubong Tao ng trauma at kawalang hustisya ng dahil sa rasismo. Ang kakulangan ng mga mapagkukunan at kawalan ng hustisya ay nakakaapekto sa ating lahat dahil ito ay hadlang sa abilidad ng ating bansa na makalikha ng ligtas, malusog, puno ng pag-asa at masayang pamayanan.

Mga Priyoridad na Patakaran sa Planong Kontra-Rasismo:

Noong Hunyo 2020, ang King County Executive na si Dow Constantine, at ang Direktor ng Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County, Patty Hayes, ay ipinahayag na ang Rasismo ay isang Pampublikong Krisis ng Kalusugan. Ang King County at ang Pampublikong Kalusugan ay nangangako ng makatarungang panlahing plano upang ayusin ang krisis sa pangmatagalang panahon.

Tayo ay susulong sa pagkamakatarungan sa lahi, pangkamakatarungan sa pangkabuhayan at sa responsableng sistema sa pamahalaan. Ang bagong [2021-2022 policy agenda](#) (Ang website ay sa Ingles lang), na nagmumula sa Gobyerno ng King County ay tunay na nakikinig at kinikilala ang araw-araw na naisapamuhay na karanasan ng mga ltim at mga Katutubong Tao na lubhang naapektuhan ng istrukturang rasismo at hindi makatarungang pangkabuhayan.

Ang Opisina ng Ehekutibo (Executive’s Office) ay nakatuon sa mga dapat tutukang patakaran na nakalista sa ibaba upang mapaunlad ang kapangyarihan, kayamanan at ang kagalingan ng lahat ng tao, kahit na anupamang lahi, anumang uri ng tirahan, anumang uri ng hanapbuhay, o magkano man ang kanilang mga

kinikita. Ito ay makapagbabago ng sistema at pamuhunang pangpamayanan na nakatuon sa panlipunang, panlahi at makatarungang pangkabuhayan.

Tinitiyak nito na ang mga mapagkukunan ay maibabahagi ng patas upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong higit na nakaranas ng kaapihan sa King County, ito ay nakatuon lalo na sa mga Itim at mga Katutubong Tao sa ating pamayanan.

- Sistemang Ligal sa Kriminalidad
- Kaunlarang Pangkabuhayan
- Pampublikong Kalusugan, Kalusugan sa Pag-uugali at Pabahay
- Imprastraktura at Kapaligiran
- Panloob na Operasyon ng King County

Ang balangkas ng patakaran ay nakatuon sa mga pagbabago sa antas ng county, gayundin sa suporta at mga rekomendasyon sa pakikipagsosyo para sa Lungsod, State, Federal na antas na pagbabago. Ang mga Ehekutibong panukala ay nailunsad batay sa mga kahilingan, mga pangunahing pangangailangan, at mga tiyak ng priyoridad na ipinarating ng lokal na pamahalaan, organisasyon, at ng pamayanan.

Ang 2021-2022 patakaran at mga Mungkahing Badyet ([budget proposals](#)) ay isinama ang mga tiyak na deposito para sa pangmatagalan, permanenting paglilipat sa mga pamamaraan ng county upang maipakita ang ating pagtutok at mga pagpapahalaga sa kontra-rasismo. Ang layunin ng mga planong patakaran at badyet ay upang tugunan ang pangangailangan ng, at malapatan ng mga positibong pagbabago para sa mga Itim at mga Katutubong Tao, mga Bata, at mga Pamilya na nakatira sa King County.

Ang King County Executive Office (Opisinang Ehekutibo ng King County) at Pampublikong Pangkalusugan ng Seattle at King County ay patuloy na magsasanib ng puwersa kasama ka at umaasa sa pangpamayanang solusyon habang ating ginagawa ang mga kinakailangang pagbabago. Higit sa tuloy-tuloy na badyet at mga cycles ng patakaran, ang mga ganitong pagsusumikap ay makatutulong upang ang mga pinagkukunang pondo ay mailayo sa mga sistema at serbisyo na tumutugon lamang batay sa agarang resulta, mga pag-iwas ng pamayanan na alisin ang pinagmumulan nito at tuluyang mapahinto ang traumatiko at nakasasamang resulta.

Ang pagpapalakas at pagsuporta sa mga pagsisikap ng pampamayanan ang pipigil upang hindi na umabot sa ligal na sistema ang mga usapin, ang mga tulong upang maitaguyod muli ang pagtitiwala, at hikayatin ang kapakanan ng pamayanan. Ang pagsasaalang-alang ng pangmatagalang pagbabgong may kinalaman sa pamamahagi ng mga mapagkukunana ay makalilikha ng malusog, masaya, puno ng pagasa, ligtas at maunlad na pamayanan na nagpapahalaga sa patas na hustisya sa lahi para sa lahat ng taong nakatira sa King County.

Mga Karagdagang Impormasyon:

- [Antiracist policy priorities at King County](#) (Website is in English only) (Ang website ay sa Ingles lang)
- [Antiracist policy priorities for advocacy and partnership](#) (Website is in English only) (Ang website ay sa Ingles lang)
- [Leading with Racial Justice in King County](#)